Mga Paraan ng Pagboto

Ang Estado ng California at ang Lungsod ng Long Beach ay may dalawang paraan ng pagboto. Maaari ninyong gamitin ang kinaugaliang presinto ng botohan sa araw ng eleksyon, o maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng proseso ng Boto-na-Ipadadala-sa-Koreo. Bawat paraan ay balidong paraan upang gamitin ang inyong karapatang bumoto.

Ang pagboto sa isang presinto ng botohan ay kasintanda na ng ating bansa. Ang mga nagtatrabaho sa presinto ng botohan ay naroon upang tulungan kayong intindihin ang tamang paraan sa pagmarka sa balota, tulungan ang mga taong may anumang uri ng kapansanan, at magbigay ng tulong na pangwika kung kinakailangan.

Ilang taon nang nakahandang magamit ng lahat ng mga botante ang Boto-na-Ipadadala-sa-Koreo. Mga isang buwan bago idaos ang isang eleksyon, ang mga botanteng karapat-dapat ay maaaring humiling ng balota para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo at iboto ang balotang iyon sa privacy ng kanilang sariling tahanan. Isang bagong opsyon na hindi pa nagtatagal ay ang abilidad na ideklara ang inyong sarili bilang isang *permanent absentee voter.* Sa bawat eleksyon, ang isang balota ay awtomatikong ipadadala sa inyong address ng tirahan o sa address na pangkoreo na hindi na hihilingin pa.

Ang sumusunod ay detalyadong impormasyon tungkol sa mga paraan ng pagboto sa pamamagitan ng isang serye ng mga tanong at mga sagot. Tandaan! Hindi bale kung paano kayo bumoto, basta bumoto kayo.

Saan ako pupunta upang bumoto/saan naroroon ang aking presinto ng botohan?
Ang lokasyon ng inyong presinto ng botohan ay nakalista sa likod ng pabalat ng inyong pamplet ng halimbawang balota. Mangyaring tiyakin ang address ng presinto ng botohan para sa bawat eleksyon dahil madalas na nagbabago ang mga lokasyon. At, ang mga lokasyon ng mga presinto ng botohan ay makukuha sa www.LAVOTE.net o sa pamamagitan ng pagtawag sa (562) 570-6101.

Anong oras bukas ang presinto ng botohan?
Ang mga presinto ng botohan ay bukas simula sa 7:00 n.u. hanggang 8:00 n.g.

Bakit binago ang aking presinto ng botohan?
Sa California, walang mga permanenteng presinto ng botohan. Ang mga lokasyon ay maaaring pabago-bago sa bawat eleksyon kung ang isang pasilidad na dating ginamit ay hindi libre upang magamit sa isang partikular ng eleksyon. Kung minsan, mga hanggahan ng distrito ay nagbabago kapag pinagsama ang ilang distrito o kapag binago ang pagkakabuo ng distrito lalo na sa mga lokal na eleksyon na hindi para sa buong estado. Dapat tingnan ng mga botante ang kanilang pamplet ng halimbawang balota upang matiyak na tama ang lokasyon ng presinto ng botohan na pupuntahan nila.

Anong gagawin ko kapag hindi pa bukas ang presinto ng botohan sa oras ng aking pagdating sa umaga ng eleksyon?

Tingnan ang address na nasa likod ng pabalat ng inyong pamplet ng halimbawang balota upang matiyak na kayo ay pumunta sa tamang lokasyon. Ang mga presinto ng botohan ay malimit na nagbabago sa pagitan ng mga eleksyon. Kung kayo ay nasa tamang lokasyon, tumawag sa City Clerk Department sa (562) 570-6101 upang ipaalam na hindi pa bukas ang presinto ng botohan.

Maaari ko bang dalhin sa loob ng voting booth ang aking halimbawang balota o ang aking isinulat na mga sariling piniling iboboto?
Oo. Rinirekomenda nga na markahan ninyong ang mga pinili ninyong iboboto sa inyong halimbawang balota at dalhin ninyo ito sa inyong pagpunta sa presinto ng botohan sa Araw ng Eleksyon upang gamitin na sanggunian. Ito ay magbibigay sa inyo ng kakayahang bumoto nang mabilisan sa inyong balota. Tandaang ilabas sa voting booth ang inyong halimbawang balota sa oras na kayo ay nakatapos na sa pagboto.

Kapag hindi ko alam kung ano ang aking gagawin pagdating ko sa presinto ng botohan, mayroon bang tutulong sa akin?
Oo. Hilingin sa mga nagtatrabaho sa botohan na tulungan kayo sa proseso ng pagboto. Ipinagbabawal sa mga nagtatrabaho sa botohan na tulungan kayong gumawa ng desisyon tungkol sa pagpili ng mga iboboto ninyo.

Maaari ko bang iboto ang sinumang hindi nakalista ang pangalan sa balota?
Oo, kung ang taong iyon ay isang kwalipikadong kandidato na *write-in*. Mga boto lamang para sa mga kwalipikadong kandidato na *write-in* ang bibilangin. Humingi sa mga nagtatrabaho sa botohan o tumawag sa City Clerk Department para sa isang listahan ng mga ganoong kandidato. Ang mga nagtatrabaho sa botohan o ang mga tauhan ng Departamento ng City Clerk ay makatutulong sa inyo sa mga paraan ng pagboto na *write-in*.

Sino ang maaaring bumoto sa pamamagitan boto-na-ipadadala-sa-koreo?
Ang sinumang nakarehistrong botante ay maaaring mag-aplay na bumoto sa pamamagitan ng boto-na-ipadadala-sa-koreo.

Paano ako boboto sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*?
Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay pareho rin ng pagboto sa pamamagitan ng *absentee ballot*. Sa halip na pumunta sa presinto ng botohan upang bumoto sa balota sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong humiling ng boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*. Sinumang nakarehistrong botante ay maaaring mag-aplay para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot.* Ang pag-aaplay ay napakadali. Pumili lamang ng isa sa mga sumusunod na opsyon:

· Sa pamamagitan ng Koreo: 1) Sagutin nang lubusan ang aplikasyon para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* na nasa likod ng pabalat ng inyong pamplet ng halimbawang balota (ipinadadala sa inyo bago idaos ang bawat eleksyon) at i-koreo sa City Clerk Department.

· Sa pamamagitan ng Koreo: 2) Magpadala ng sulat na may pirma na humihiling ng boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* sa Long Beach City Clerk Department, 333 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802.

· Sa pamamagitan ng Fax: Ang lubusang sinagot na aplikasyon o ang sulat na may pirma ay maaaring ring i-fax sa City Clerk Department sa (562) 570-6789. Kung kayo ay nag-aaplay sa pamamagitan ng sulat o ng fax, kailangan ninyong isama sa inyong kahilingan ang inyong pangalan, ang address ng inyong tirahan/tahanan, ang pangkoreong address kung saan ninyo gustong ipadala ang inyong *absentee ballot* at ang pangalan at petsa ng eleksyon na inaaplayan ninyo. Tandaang pirmahan at petsahan ang inyong kahilingan!

· Sa pamamagitan ng Internet: I-download at sagutin nang lubusan ang isang aplikasyon para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* at i-fax ito sa City Clerk Department sa (562) 570-6789. Makakukuha ng karagdagang impormayon sa pamamagitan ng pagtawag sa City Clerk Department Absent Voter Section sa (562) 570-6101.

Kailan ako maaaring mag-aplay para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*?
· 30 araw bago idaos ang eleksyon (Marso 13, 2006) ay ang unang araw para sa pagsumite ng mga kahilingan para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*. Maaari kayong mag-aplay nang mas maaga sa 30 araw bago idaos ang eleksyon, gayon pa man, ang mga balota ay ikinokoreo sa mga aplikante simula sa unang araw na legal na magkoreo, iyon ay 29 araw bago idaos ang eleksyon.

· Ang huling araw ng pag-aaplay para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* ay 7 araw bago idaos ang eleksyon.

· Kung kayo ay magkasakit, magkaroon ng kapansanan, o malaman ninyo na kayo ay aalis at mawawala sa inyong presinto ng botohan sa loob ng huling 6 araw bago idaos ang eleksyon, kayo ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng isang *emergency absentee ballot*. Maaari kayong pumunta at bumoto nang personal sa City Clerk Department o magpadala ng isang nakasulat at may pirmang kahilingan para sa isang *absentee ballot*, na nagbibigay-kapangyarihan sa isang tao na magdala ng balota sa inyo at magbalik nito sa tanggapan ng eleksyon o sa anumang presinto ng botohan kapag kayo ay tapos nang bumoto.

Kailan ang huling araw para ibalik ang aking ibinotong balota ng boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*?
Dapat matanggap ng mga pinuno ng eleksyon ang mga boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* nang hindi lampas sa oras ng pagsara ng mga presinto ng botohan (8 n.g.) sa Araw ng Eleksyon. Walang kahalagahan ang mga tatak-koreo!

Paano ko ibabalik ang aking boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* sa Araw ng Eleksyon?
Maaari ninyong ibalik ito nang personal sa anumang presinto ng botohan na nasa Lungsod nang hindi lampas sa 8:00 n.g. sa Araw ng Eleksyon. Kung, dahil sa karamdaman o sa kapansanang pisikal, hindi ninyo maibalik nang personal ang balota, maaari kayong magbigay ng nakasulat na autorisasyon sa inyong asawa, anak, magulang, lolo o lola, apo, kapatid na

lalaki o kapatid na babae na magbalik tha balota sa Elections Office o sa anumang presinto ng botohan na nasa loob ng lungsod nang hindi lampas sa 8 n.g. sa Araw ng Eleksyon.

Mayroon bang mga sirkumstansyang sumasakop sa isang botante kaya siya ay kakailanganing bumoto sa pamamagitan ng boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*?
Oo. Kung ang isang distritong elektoral ay may 250 nakarehistrong botante o mas kaunti pa sa 88 araw bago idaos ang isang eleksyon, ang distritong iyon ay maaaring ideklara na *"vote-by-mail ballot precinct"* (distritong boboto sa pamamagitan ng boto-na-ipadadala-sa-koreo) ng pinuno ng eleksyon dahil sa kawalan ng mga magagamit na presinto ng botohan at ng mga nagtatrabaho sa presinto sa mga maliliit na distrito. Lahat ng mga botante na nasa ganitong mga distrito ay awtomatikong padadalhan ng mga balota para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo para sa eleksyong iyon.

Kailangan ba akong mag-aplay para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* sa bawat eleksyon?
Hindi. Maaari kayong mag-aplay para sa *"Permanent Absentee Voter"*. Kapag kayo ay nasa talaan na bilang isang *permanent absentee voter*, hindi na kayo kailangang mag-aplay sa mga darating na eleksyon. Kayo ay awtomatikong padadalhan sa koreo ng isang balota para sa bawat eleksyon. Kapag naaprobahan na ang isang botante para sa katayuan bilang *Permanent Absentee Voter*, siya ay mananatili sa katayuang iyon sa buong panahon na siya ay bumoboto sa mga pangkalahatang eleksyon ng buong estado. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging isang *Permanent Absentee Voter*, mangyaring tingnan ang inyong pamplet ng halimbawang balota o tumawag sa Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk Absent Voting Section sa (562) 466-1323.

Kung ako ay humiling ng boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*, maaari ko bang baguhin ang aking isip at bumoto pa rin sa aking presinto ng botohan?
Oo, ngunit mangyaring dalhin ang inyong boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* sa presinto ng botohan at ibigay ito sa mga nagtatrabaho sa botohan bago bumoto sa isang regular na balota sa presinto. Kung hindi ninyo dinala ang inyong boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* upang isuko, kayo ay pahihintulutang bumoto sa isang "probisyonal" na balota sa presinto ng botohan. Ang inyong probisyonal na balota ay bibilangin pagkatapos na matiyak ng pinuno ng eleksyon na kayo ay hindi bumoto nang una pa sa eleksyong iyon sa pamamagitan ng boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot.*

Nakatanggap ako ng aplikasyon para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot* mula sa isang pulitikal na kampanya. Legal bang gamitin ito?
Oo. Ang mga tao, ang mga organisasyon at ang mga grupo ay maaaring mamigay ng mga aplikasyon para sa boto-na-ipadadala-sa-koreo/*absentee ballot*; gayon pa man, kailangan nilang gamitin ang pamantayang format na itinakda sa Kodigo Hinggil sa Mga Eleksyon ng California.